Unang Markahang Pagsusulit sa Araling Panlipunan V

| Mga Nilalaman | Bilang ng Araw ng Pagtuturo | Bilang ng Aytem | % | Pagsasaayos ng mga Aytem |
|---|---|---|---|---|
| I. **Ang mga Unang Pilipino** | | | | |
| A. Kalagayang Panlipunan | 10 | 17 | 23% | 1-17 |
| B. Paraan ng Pamamahala | 6 | 10 | 14% | 18-27 |
| C. Paraan ng Pamumuhay | 5 | 9 | 11% | 28-36 |
| II. **Panahon ng Espanyol** | | | | |
| A. Ang Kabuhayang Pamumuhay | 15 | 25 | 34% | 37-61 |
| B. Panlipunang Pamumuhay | 8 | 14 | 18% | 62-75 |
| **KABUUAN** | **44** | **75** | **100%** | **1-75** |

## Unang Markahang Pagsusulit sa Araling Panlipunan V

Pangalan: ________________________________________ Petsa: ________________________________

Baitang/Seksyon:___________________________________ Guro:_________________________________

I. ***Bilugan ang titik ng tamang sagot.***

1. Ang pinakamababang pangkat ng tao sa panahon ng mga unang Pilipino ay ang _______________.
   A. maharlika C. timawa
   B. alipin D. datu
2. Sa pangkat ng mga unang tao sa Pilipinas, anong pangkat ang bumubuo sa malaking populasyon?
   A. datu C. timawa
   B. alipin D. maharlika
3. Ang tawag sa mga aliping nakatira sa piling ng kanilang pamilya ay ________________.
   A. aliping saguigilid C. aliping pantahanan
   B. aliping namamahay D. aliping pambahay
4. Ang inaasahan ng mga tao na mamuno sa labanan, kalakalan, gawaing panlipunan, panrelihiyon at iba pang ugnayan ay ang _________________.
   A. umalokohan C. matatandang kasapi
   B. datu D. timawa
5. Alin ang naglalarawan sa katayuan sa buhay ng mga Unang Pilipino? Sila ay napapangkat ayon sa ____________.
   A. iba't-ibang antas B. talino
   B. kulay D. pinagmulan
6. Ang babae ang may higit na karapatan sa mga lalaki hinggil sa ______________.
   A. gawaing bahay C. nanliligaw sa pamilya ng babae
   B. pagbibigay ng pangalan sa anak D. nagpapasya sa loob ng bahay
7. Nakalaan ang mga babae sa mga gawaing ___________________.
   A. bukid C. bahay
   B. pansimbahan D. pangangalakal
8. Naipapakita ang paggalang sa mga babae sa pamamagitan ng paglalakad ng _________________.
   A. nasa gitna C. kasabay ng mga babae
   B. nasa kaliwa D. nahuhuli sa babae
9. Kapag ang lalaki ay malapit ng ikasal sila ay _____________________.
   A. nagbibigay ng pera sa pamilya ng babae C. nanliligaw sa pamilya ng babae
   B. naglalaba sa pamilya ng babae D. naninilbihan sa pamilya ng babae
10. Ano ang tawag sa edukasyon ng mga unang Pilipino?
    A. pormal C. pagbasa
    B. di-pormal D. pagsulat
11. Ilang titik ang bumubuo sa unang alpabeto ng mga unang Pilipino?
    A. 18 C. 17
    B. 21 D. 29
12. Ano ang tawag sa alpabeto ng mga unang Pilipino?
    A. alibata C. abilato
    B. abalito D. alabata
13. Ayon sa iskolar ang pagsulat ng mga unang Pilipino ay buhat sa alpabeto ng ______________.
    A. Java C. Borneo
    B. India D. Sumatra
14. Sinasamba ng mga unang Pilipino ang dakilang lumikha ng daigdig, ng tao at pamayanan. Sino ang sinasamba ng mga Tagalog?
    A. Bathala C. Ikasi
    B. Lalahon D. Gugurang
15. Ang mga unang Pilipino ay sumasamba sa kalikasan at mga bagay na malapit sa kanila. Ano ang tawag sa kanilang relihiyon?
    A. Islam C. Paganismo
    B. Katoliko D. Aglipay
16. Ang dayuhang nagpalaganap ng relihiyong Islam ay ang _____________.
    A. Amerikano C. Intsik
    B. Arabe D. Hapones
17. Saan higit na lumaganap ang relihiyong Islam?
    A. Luzon C. Mindanao
    B. Visayas D. buong Pilipinas
18. Ano ang tawag sa pamahalaan ng mga unang Pilipino?
    A. Barangay C. Balangay
    B. Sultanato D. Sarangay
19. Ang mga nakasulat na batas ay ginagawa ng datu sa tulong ng lupon ng matatandang tagapayo niya. Ano ang tawag sa tagapagbalita ng datu na nagpapahayag ng mga kautusan sa barangay?
    A. tarsila C. Cabeza de Barangay
    B. umalokohan D. matatandang kasapi
20. Sino ang namumuno sa pamahalaang barangay?
    A. timawa C. sultan

B. alipin D. datu

21. Ang pamahalaang sultanato ay kauna-unahang lumaganap sa ____________________.
    A. Mindanao C. Visayas
    B. Luzon D. buong Pilipinas
22. Ang pamahalaang sultanato ay pinamumunuan ng ________________________.
    A. datu C. timawa
    B. maharlika D. sultan
23. Ang paraan ng pamamahala ng isang sultan sa kanilang nasasakupan ay batay sa relihiyong _______________.
    A. Paganismo C. Islam
    B. Katoliko D. Paganismo
24. Ang pagtiyak sa tao o mga taong dapat parusahan dahil sa paglabag sa batas ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglilitiis at ____________________.
    A. seremonya C. pagpapahula
    B. pagsubok D. paghahandog
25. Sa sinaunang barangay, nasa kamay ng datu ang pagiging _________________.
    A. Tagapagbalita at tagahatol C. mambabatas at mamumunuhan
    B. Mandirigma at mangangalakal D. mambabatas at tagapagpatupad ng batas
26. Tawag sa mga alituntuning isinsagawa upang maiwasan ang pagkakagulo.
    A. ugnayan C. batas
    B. pamahalaan D. paniniwala
27. Iginagawad sa mga sumusuway sa mga batas ng mga unang Pilipino.
    A. kalayaan C. parusa
    B. disiplina D. hatol
28. Karaniwan sa panahanan ng ating mga ninuno ay nakikita sa pampang ng ilog at dagat. Ano ang kanilang hanapbuhay?
    A. pagsasaka C. pagtatanim
    B. pagkakaingin D. pangingisda
29. Noong unang panahon, sagana sa likas na yaman ang paligid.Umaasa ang unang Pilipino sa likas na yamang ito. Nilinang nila ang kapaligiran upang matugunan ang kanilang ________________.
    A. kasiyahan C. pangarap
    B. kasanayan D. pangangailangan
30. Ang unang Pilipino ay mahuhusay sa paggawa ng bangka at magaling din na mandaragat dahil sa pagiging _________________.
    A. masipag C. walang magawa
    B. malikhain D. masayahin
31. Nabuhay ang mga unang Pilipino noong panahon ng Paleolitiko (Lumang Bato) sa pamamagitan ng __________________.
    A. pangangaso at pangunguha ng halamang ligaw C. paggawa ng Bangka
    B. paghahabi D. paggawa ng alahas
32. Sinasabing higit na mataas ang antas ng kabuhayan ng mga tao noong Panahon ng Neolitiko (Bagong Bato) kaysa sa panahon ng Paleolitiko dahil sa ___________________.
    A. Dumami ang populasyon C. madaling natuto ang mga Unang Pilipino
    B. May mga makikinis na kasangkapan D. madami ang pagkaing nakukuha
33. Ang mga sumusunod ay naglalarawan ng kaunlarang naganap noong panahon ng maunlad na metal maliban sa ____________________.
    A. pagsisimula ng paghahabi C. paggawa ng palayok at banga na may disenyo
    B. pangunguha ng halamang ligaw D. paglaki ng populasyon
34. Ang mga lupang nasa paligid ng barangay ay tinuturing na ari ng ____________________.
    A. datu C. timawa
    B. alipin D. barangay
35. Sa panahon ng mga unang Pilipino ang nagmamay-ari ng pinakamatabang lupa ay ang _________.
    A. timawa C. umalokohan
    B. datu D. sultan
36. Sa lupaing pantribu, paano isinsagawa ang pag-aangkin ng lupa?
    A. pagbibili C. paglilinis sa isang bahagi
    B. Pagpapalit ng produkto D. pakikipaglaban
37. Iniutos ng hari ng Espanya ang pagtatanim ng ____________ upang mapasigla ang pagsasaka sa Pilipinas noong 1612.
    A. trigo, niyog, buyo,kakaw at paminta C. bawang,sibuyas,luya,mani at patola
    B. talong,sitaw, bataw, patani at kundol D. sayote,upo,petsay,ube at kamatis
38. Noong 1763, sino ang nag-utos sa mga awtoridad na itaguyod ang pagtatanim ng produktong bagay sa klima at lupa ng lalawigan?
    A. Jose Basco C. Jose Raon
    B. Hurtado de Corcuera D. Miguel de Benavidez

39. Uri ng puno na pinag-aalagaan ng uod na kinukunan ng hibla ng sutla.
    A. akasya C. kape
    B. tubo D. mulberry
40. Anong produkto ang nagkaroon ng monopoly sa pananakop ng Espanyol?
    A. abaka C. niyog
    B. tubo D. tabako
41. Ano ang ibig sabihin ng "kasama"?
    A. umuupa sa lupa C. may-ari ng lupa
    B. nagsasaka sa lupa D. kapitbahay sa lupa
42. Makatarungan ba ang "sistemang kasama"?

A. Oo, dahil nagtatrabaho ang mga magsasaka
B. Oo,dahil napakikinabangan ang mga lupa
C. Hindi,dahil hindi makatarungan ang nagiging hatian ng kasama at ng umuupa ng lupa.
D. Hindi,dahil nagiging kawawa ang umuupa sa lupa.

43. Ang may-ari ng lupa ay maaring paupahan ang kanyang lupa sa iba kapag ______________________.
A. Mahina ang ani
B. May nagawang pagkakasala ang magsasaka
C. Hindi nakabayad sa loob ng isang taon ang ang magsasaka
D. Hindi nakakabayad sa loob ng dalawang magkasunod na taon ang magsasaka.

44. Ano ang sistemang polo?
A. uri ng hanapbuhay
B. samahan
C. uri ng buwis
D. kapatiran

45. Ang Polo Y Servicios ay isang uri ng buwis na may tungkuling magbigay serbisyo ang mga _____________ mula sa 16-60 taong gulang.
A. kababaihan
B. mamamayan
C. kabataan
D. kalalakihan

46. Tawag sa mga taong naglilinkod sa sistemang Polo.
A. kawani
B. manggagawa
C. alipin
D. polista

47. Tawag sa takdang halaga na ibinayad ng mga Pilipino upang makaiwas sa sapilitang paggawa.
A. bayad
B. ani
C. pera
D. falla

48. Ano ang ginagawa ng maraming polista upang makaligtas sa mabibigat at mababang uri ng gawaing ipinagagawa sa kanila?
A. nagsasakit-sakitan sila
B. lumilipat sila ng panahanan
C. Kumukuha ng kapalit
D. binabayaran nila ang mga araw na dapat nilang itrabaho

49. Kinukuha ang mga lalaking nabanggit sa panahon ng taniman o anihan upang maglingkod sa polo. Dinadala sila sa _________________ upang gumawa ng mga barko at mga daungan dahilan kung bakit sila napapalayo sa kanilang pamilya.
A. malalayong lugar
B. kalapit na lugar
C. malalapit na lugar
D. kabilang ibayo

50. Ito ay ang sapilitang pagbibili ng mga produkto tulad ng palay at langis ng niyog sa pamahalaan. Tinatawag itong _______________.
A.tributo
B. reales
C. bandala
D. falla

51. Tawag sa isang lugar kung saan sama-samang naninirahan ang mga taon sa pamamahala ng isang pari.
A. bayan
B. parokya
C. kabisera
D. simbahan

52. Ang panahanang pinakasentro ng parokya ay tinatawag na ___________________.
A. parokya
B. bayan
C. parokya
D. kabisera

53. Bakit naging suliranin ng mga misyonero ang uri ng panaahanan ng mga Pilipino?
A. maliit
B. gusto nila
C. layu-layo
D. sira-sira

54. Saang lugar nakatira ang karamihan ng mga Pilipino?
A. sa taniman
B. itaas ng puno
C. kabundukan
D. baybay-dagat

55. Bakit pinilit ng mga misyonero na mabago ang uri ng panahanan ng mga Pilipino?
A. maging magkakaiibigan sila
B. madaling mautusan
C. madaling maturuan
D. maging magkapitbahay

56. Ang pagbubukas ng Maynila ay nangangahulugan ng malayang pagdaan sa _______________ ng mga galyon na may dalang kalakal.
A. Look ng Pasig
B. Look ng Pasay
C. Look ng Makati
D. Look ng Maynila

57. Sa pag-unlad ng kalakalan, nakaligtaan ang ___________________.
A. pagtuturo ng relihiyong Katoliko
B. pagtuturo ng Kristiyanismo
C. nakaligtaan ang pagsasaka na sanhi ng kakulangan sa pagkain
D. natustusan ang pangangailangan

58. Ang kalakalang galyon ay kilala sa tawag na _______________.
A. kalakalang Mehiko-Espanya
B. kalakalang Silangan-Kanluran
C. kalakalang Maynila-Acapulco
D. kalakalang Timog-Silangan

59. Ang galyon ayon ay isang ___________________.
A. pandagat
B. panlupa
C. panghimpapawid
D. panghangin

60. Ang Look ng Maynila ay ginawang _______________.
A. paliparan
B. pasyalan
C. terminal
D. daungan

61. Ang kalakalang galyon ay nagdala ng _______________.
A. bagong paraan ng pagsasaka
B. teknolohiya sa pagpapaunlad ng kabuhayan
C. bagong paraan ng pagsamba
D. mapadali ang gawain.

Isulat kung **T** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay tama at **DT** kung hindi.

__________ 62. Karaniwang mga kura-paroko ang pumapalit muna sa opisyal na umalis. .

__________ 63. Naningil ng buwis ang mga pari.

__________ 64 Sumusubaybay ang mga pari sa mga gawain sa paaralan.

__________ 65. Naghahatid ng misyon sa iba't-ibang dako ng bansa ang mga paring misyonero

66. Itinuturo sa mga paaralang ito ang iba't-ibang karunungang tulad ng pagdaragat, sining sa pagpipinta, paglililok at pagsulat.

A. pamantasan
B. bokasyunal
C. sekundarya
D. normal

67. Walang bayad at sapilitan ang pagpasok sa mga paaralang ito.

A. paaralang bayan
B. normal
C. pamantasan
D. sekundarya

68. Itinuturo rito ang pamumuhay ng isang Kristiyano.

A. sekundarya
B. bokasyunal
C. pamantasan
D. parokyal

69. Ito ang paaralang unang naitatag.

A. parokyal
B. bokasyunal
C. normal
D. sekundarya

70. Ang ______________ ng mga aklat at babasahin tungkol sa relihiyon, katesismo at dasal ay isang paraan ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo.

A. paglilimbag
B. pagsusulat
C. pagbabasa
D. pagbibilang

71. Ginamit ng mga pari ang wikang katutubo sa pagtuturo ng relihiyon upang mapalaganap ng mabilis angKristiyanismo.

A. katutubong wika
B. Espanyol
C. Ingles
D. Niponggo

Tukuyin kung ***Tradisyunal*** o ***Di-tradisyunal*** ang mga sumusunod na ginampanan ng mga babae.

__________________________ 72. Makapag-aral hanggang kolehiyo.

__________________________ 73. Humawak ng badyet at ingat-yaman ang isang ina.

_________________________ 74. Nabigyan ng tungkuling pangkabuhayan at pampulitika.

_________________________ 75. Ang babae ang siyang namamahala sa tahanan.

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT

SUSI NG PAGWAWASTO

ARALING PANLIPUNAN V

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 26. C | 51. B |
| 2. C | 27. C | 52. D |
| 3. B | 28. D | 53. C |
| 4. B | 29. D | 54. C |
| 5. A | 30. B | 55. C |
| 6. B | 31. A | 56. D |
| 7. C | 32. D | 57. C |
| 8. D | 33. B | 58. A |
| 9. D | 34. D | 59. A |
| 10. B | 35. B | 60. D |
| 11. C | 36. C | 61. B |
| 12. A | 37. A | 62. T |
| 13. D | 38. C | 63. DT |
| 14. A | 39. D | 64. T |
| 15. C | 40. D | 65. T |
| 16. B | 41.B | 66. B |
| 17. C | 42. C | 67. A |
| 18. C | 43. D | 68. D |
| 19. D | 44. A | 69. A |
| 20. D | 45. D | 70. A |
| 21. C | 46. D | 71. A |
| 22. D | 47. D | 72. Di-tradisyunal |
| 23. C | 48. D | 73. Tradisyunal |
| 24. B | 49. A | 74. Di-tradisyunal |
| 25. D | 50. C | 75. Tradisyunal |